
Mungkahing Programang Pagkabasa: Pagpapaunlad Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Ng Baitang 4 Sa Filipino

MARY ANN P. PEREJA

National Teachers College
Paang Bundok Elementary School
maryann.pereja@deped.gov.ph
/ maryannpereja17@gmail.com.ph

Abstrak — Ang pag-aaral na ito ay sumusuri sa kapakinabangan ng Programang PAGKABASA sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4 ng Paang Bundok Elementary School sa asignaturang Filipino sa ilalim ng bagong normal na kurikulum. Gumamit ito ng Explanatory Sequential Mixed Method Approach sa pre-test at post-test, kung saan hinati ang mga kalahok sa control at experimental na grupo upang matukoy ang epekto ng interbensyon.

Bagama't ang dalawang pangkat ay may magkatulad na antas ng kasanayan sa pagbasa bago ang implementasyon ng programa, ang pangkat ng eksperimento ay nakakuha ng mas mahusay na marka sa pag-unawa, bokabularyo at pagsusuri ng teksto pagkatapos ng interbensyon. Higit p rito, natuklasan na ang mga mag-aaral ay mas aktibong nakikibahagi, mas naganyak at may higit na kumpiyansa. Ang mga resulta ay nagpapalakas ng mga ideya tungkol sa pagbasa at pagkatuto na nakasentro sa scaffolding, aktibong pakikilahok sa pag-aaral at konstruktibong pagbuo ng kahulugan ng mga mambabasa.

Bilang karagdagan, bilang resulta ng pagsasama-sama ng teknolohiya at blended learning approach, ang mga guro ay may positibong pananaw sa pagiging epektibo ng programa.

Sa kabuuan, ang Programang PAGKABASA ay napatunayang isang kapaki-pakinabang na paraan upang pahasayin ang mga kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Bukod pa rito, ang pag-aaral ay naaayon sa mga pandaigdigang gawi sa literasiya at mga teorya ng pagkatuto at nag-aambag sa pagpapaunlad ng mga kasanayan sa larangan ng edukasyon sa Pilipinas.

Keywords: *Programang PAGKABASA, kasanayan sa pagbasa, bagong normal, interbensyon, Filipino*

I. PANIMULA

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4, lalo na matapos ang epekto ng COVID-19 sa edukasyon. Ipinapakita rito na ang pagbasa ay mahalagang kasanayan sa pagkatuto at pundasyon ng pag-unawa sa iba't ibang asignatura. Gayunpaman, marami pa ring mag-aaral ang nahihirapan sa pag-unawa sa binabasa, gaya ng mababang resulta ng Pilipinas sa 2018 PISA survey.

Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga sanhi ng kahinaan sa pagbasa at makapagbigay ng mga estratehiya, materyales, at programang makatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa. Inaasahan ding makakatulong ang pananaliksik sa mga guro, magulang, at paaralan upang mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral at makalikha ng mas mahusay at handang kabataan sa hinaharap.

Saligan ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na paunlarin ang pagbasa ng Baitang 4 gamit ang Programang PAGKABASA sa tulong ng teknolohiya, lokal na materyales, at suporta ng guro, magulang, at komunidad upang mapataas ang literasiya ng mga mag-aaral.

Pagsusuri ng Kaugnay na Panitikan/Literature Review

Ayon sa mga pag-aaral, ang pagbasa ay isang mahalagang at masalimuot na proseso ng pag-unawa na nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo, paglinang ng pag-iisip, at paghubog ng empatiya. Sa Pilipinas, sa kabila ng pagpapatupad ng Phil-IRI ng DepEd, nananatili pa rin ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa sa maraming mag-aaral. Dahil dito, nabuo ang Programang PAGKABASA para sa Baitang 4 upang mapataas ang literasi at kasanayan sa pagbasa.

Ayon sa mga pag-aaral, mahalaga ang paggamit ng teknolohiya, distance learning, at remedial classes sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Layunin ng mga programang

interbensyon na matugunan ang iba't ibang pangangailangan at estilo ng pagkatuto upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa.

Ang pagbasa ay mahalagang kasanayan sa pag-unlad ng mag-aaral. Ayon sa mga pag-aaral, ang paghikayat sa pagbabasa ay nagpapabuti ng pagkatuto, habang ang kakulangan sa aktibong pagbasa ay humahantong sa mahinang pag-unawa. Mahalaga rin ito bilang pundasyon sa tagumpay sa iba't ibang asignatura, kaya kailangan ang sapat na gabay at pagsasanay upang mapaunlad ang kaalaman at pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na mahalaga ang papel ng mga guro sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng epektibo at makabagong estratehiya sa pagtuturo. Ang paggamit ng angkop na materyales, iba't ibang pamamaraan, video lessons, at digital na teknolohiya ay nakatutulong sa pagtaas ng pag-unawa, interes, motibasyon, at bokabularyo ng mga mag-aaral.

Ipinapakita ng pag-aaral na ang socioeconomic factors at suporta sa pagkatuto ay nakaaapekto sa akademikong pagganap, kaya mahalaga ang interbensyon tulad ng Programang PAGKABASA. Nakabatay ito sa Constructivist Theory nina Piaget, Bruner, at Vygotsky na nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto at interaksiyong panlipunan.




FIGURA 1

Nakabatay ang Programang PAGKABASA sa Constructivism, ZPD, at Scaffolding na nagbibigay-diin sa aktibong pagkatuto, gabay ng guro, at kolaborasyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4 gamit ang learner-centered at teknolohiya.




FIGURA 2

Ang Figura 2 ang paggamit ng Phil-IRI sa pre-test upang matukoy ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral (Pagkabigo, Pampagkatuto, Malaya), batay sa Constructivist Learning Theory at Programang PAGKABASA.

Pahayag na Suliranin

Ang pag-aaral ay layuning paunlarin ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-4 na baitang ng Paang Bundok Elementary School sa asignaturang Filipino sa ilalim ng bagong normal na pag-aaral, at sasagot ito sa ilang tiyak na tanong kaugnay nito.

1. Ano ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa Panimulang Pagsusulit o Pre-Test?

1.1. Pangkat kontrolado,

1.2. Pangkat eksperimental?

2. Ano ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa Panapos na Pagsusulit – Post-Test?

2.1. Pangkat kontrolado,

2.2. Pangkat eksperimental?

3. May makabuluhan bang pagkakaiba sa mga resulta ng Panimulang Pagsusulit o Pre-Test at Panapos na Pagsusulit o Post-Test?

3.1. Pangkat kontrolado

3.2. Pangkat eksperimental

4. Ano ang pananaw ng mga guro sa kahalagahan at epekto ng Programang PAGKABASA sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral?

5. Paano makatutulong ang Programang PAGKABASA sa pagpapalawak at pagpapalalim ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino, lalo na sa konteksto ng bagong normal na pag-aaral?

Layunin ng pag-aaral na sukatin at paunlarin ang pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4 gamit ang Programang PAGKABASA at tukuyin ang epekto nito bago at pagkatapos ng implementasyon.

Kahalagahan ng Pag-aaral

Binibigyang-diin ng Programang PAGKABASA ang pagpapaunlad ng pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4 sa tulong ng paaralan, pamilya, at komunidad gamit ang lokal at interaktibong materyales.

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral.

Ipinakita ng pag-aaral na epektibo ang Programang PAGKABASA sa pagpapataas ng fluency at comprehension ng mga mag-aaral gamit ang lokal na materyales, teknolohiya, at makabagong paraan ng pagtuturo. Binibigyang-diin din nito ang antas, interes, at motibasyon sa pagbasa bilang batayan ng pag-unlad ng kasanayan.

II. PAMAMARAAN/METHODOLOGY

Gumamit ang pag-aaral ng Explanatory Sequential Mixed Method (pre-test at post-test) at palarawang pananaliksik upang sukatin ang epekto ng Programang PAGKABASA at mga salik sa pag-aaral.

Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng pre-test at post-test, pati panayam at obserbasyon, upang sukatin ang epekto ng Programang PAGKABASA sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinakita na epektibo ito sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, bagama't may ilang hamon.

Populasyon at Sampling

Gumamit ang pag-aaral ng purposive sampling sa 30 mag-aaral sa Baitang 4 na batay sa resulta ng Phil-IRI (15 pagkabigo at 15 pampagkatuto) para sa 2024–2025. May kasama ring 30 mag-aaral at 3 guro para sa pilot testing. Pinili ang mga kalahok ayon sa itinakdang pamantayan upang matiyak ang angkop at patas na datos sa pag-aaral.

Tagatugon sa Pag-aaral

Pinili ang mga mag-aaral ng Paang Bundok Elementary School batay sa Phil-IRI, diagnostic, at quarterly grades, habang siniguro ang etikal na pamantayan tulad ng pahintulot at kumpidensyalidad ng datos.

Kasangkapan sa Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng 40-item na pre-test at post-test batay sa PAGKABASA at Phil-IRI, na dumaan sa validation, pilot testing, at reliability tests (KR-20 at Cronbach's Alpha), at sinamahan ng experimental/control group, FGD, at etikal na pamantayan.

Pagsusuri at Interpretasyon ng Iskor

Gumamit ang pag-aaral ng verbal interpretation ng mean scores mula sa pre-test at post-test upang masukat at maipaliwanag ang antas ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Nagsilbi itong batayan sa pag-uuri ng kanilang pagganap bago at pagkatapos ng interbensyon.

Paraan ng Pagkalap ng Datos

Gumamit ang pag-aaral ng quantitative at mixed methods na may pre-test at post-test, survey, panayam, at FGD upang sukatin ang epekto ng Programang PAGKABASA sa mga mag-aaral. Isinagawa ito sa loob ng anim na linggo hanggang dalawang buwan na interbensyon, kasunod ng post-assessment upang makita ang pagbabago sa pagbasa. Tininyak ang etikal na proseso tulad ng pahintulot ng magulang, kumpidensyalidad, at maayos na pangangalap at pagsusuri ng datos batay sa mga pamantayang akademiko.

Pagsusuri ng Datos

Sinuri ang datos gamit ang bahagdan, mean, standard deviation, paired t-test, at p-value upang matukoy ang epekto ng Programang PAGKABASA sa pre-test at post-test ng mga mag-aaral. Gumamit din ng thematic analysis para sa kwalitatibong datos at digital tools (Google Forms, MS Forms, Excel, SPSS) sa pagproseso ng resulta. Layunin nitong matukoy kung may makabuluhang pagbabago sa pagbasa at patunayan ang bisa ng interbensyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

III. BUNGA AT TALAKAYAN / RESULTS AND DISCUSSION

Mas epektibo ang Programang PAGKABASA dahil mas malaki ang pag-unlad sa pagbasa ng eksperimental na grupo kumpara sa control group, pati sa interes, kumpiyansa, at pag-unawa ng mga mag-aaral.

TALAHANAYAN 1.1 PANGKAT KONTROLADO

Score	<i>F</i>	%	Paglalarawan
33-40	1	2%	Napakahusay
25-32	12	19%	Mahusay
17-24	25	40%	Katamtaman
9-16	22	35%	Di-Gaanong Mahusay
0-8	3	5%	Di-Mahusay
Total	63	100%	<i>Katamtaman</i>
Mean Score	18.78		
SD	7.18		

Nasa katamtamang antas ang pagbasa ng pangkat kontrolado, na may mean score na 18.78 at kaunting nasa mahusay at napakahusay na antas.

TALAHANAYAN 1.2 PANGKAT EKSPERIMENTAL

Score	<i>F</i>	%	Paglalarawan
33-40	4	13%	Napakahusay
25-32	11	34%	Mahusay
17-24	13	41%	Katamtaman
9-16	4	13%	Di-Gaanong Mahusay
0-8	0	0%	Di-Mahusay
Total	32	100%	Katamtaman
Mean Score	23.69		
SD	7.4		

Ipinakita ng panimulang pagsusulit na parehong katamtaman ang antas ng pagbasa, ngunit bahagyang mas mataas ang kakayahan ng pangkat eksperimental kumpara sa pangkat kontrolado.

TALAHANAYAN 2.1 PANGKAT KONTROLADO

Score	<i>F</i>	%	Paglalarawan
33-40	14	22%	Napakahusay
25-32	23	37%	Mahusay
17-24	22	35%	Katamtaman
9-16	3	5%	Di-Gaanong Mahusay
0-8	1	2%	Di-Mahusay
Total	63	100%	Mahusay
Mean Score	26.35		
SD	7.57		

Tumaas ang kasanayan sa pagbasa ng pangkat kontrolado sa katamtaman hanggang sa mahusay, ngunit limitado ang pag-unlad kumpara sa karaniwang pagtuturo.

TALAHANAYAN 2.2 PANGKAT EKSPERIMENTAL

Score	<i>F</i>	%	Paglalarawan
33-40	18	56%	Napakahusay
25-32	13	41%	Mahusay
17-24	1	3%	Katamtaman
9-16	0	0%	Di-Gaanong Mahusay
0-8	0	0%	Di-Mahusay
Total	32	100%	Napakahusay
Mean Score	32.84		
SD	4.47		

Malaki ang pag-unlad sa pangkat eksperimental na gumamit ng Programang PAGKABASA at napatunayang makabuluhan ang pagkakaiba sa pre-test at post-test batay sa estadistikal na pagsusuri.

TALAHANAYAN 3.1 PANGKAT KONTROLADO

Pangkat Kontrolado	Mean	SD	Critical t-value	Computed t-value	p-value	Decision	Remarks
Pre-test	18.78	7.18	1.99	5.74	0.00	Reject Ho	Significant
Post-test	26.35	7.57					

Significant at $p < 0.05$ level of significance

Ipinakita ng pangkat eksperimental ang makabuluhang pagtaas sa pre-test at post-test, na napatunayan ng estadistikal na pagsusuri.

TALAHANAYAN 3.2 PANGKAT EKSPERIMENTAL

Pangkat Kontrolado	Mean	SD	Critical t-value	Computed t-value	p-value	Decision	Remarks
Pre-test	23.69	7.40	2.04	6.94	0.00	Reject Ho	Significant
Post-test	32.84	4.47					

Significant at $p < 0.05$ level of significance

Tumaas ang marka ng parehong pangkat ngunit mas mataas sa eksperimental, na nagpapatunay na epektibo ang Programang PAGKABASA at may makabuluhang pag-unlad sa pagbasa, interes, at partisipasyon ng mga mag-aaral, kahit may ilang suliranin sa oras at resources.

TALAHANAYAN 4.1
LEARNING GAIN NG MGA MAG-AARAL MATAPOS SUMAILALIM SA
PROGRAMANG PAGKABASA

Pahayag	Mean	SD	Verbal Interpretation
Matapos sumailalim sa programang PAGKABASA, makikita ang pagtaas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	4.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Ang mga mag-aaral ay mas naging mabilis at mas mahusay sa pag-unawa ng mga tekstong binabasa.	4.00	0.00	Lubos na sumasang-ayon
Ang programang PAGKABASA ay nakatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng malaking pag-unlad sa kanilang kasanayan sa pagbasa matapos sumailalim sa programang PAGKABASA.	3.25	0.50	Sumasang-ayon
Ang programang PAGKABASA ay nakatulong sa pagpapataas ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan sa pagbasa.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Composite Mean	3.65	0.33	Napakataas

1.00 – 1.75 (1) Lubos na hindi sumasang-ayon (Napakababa), 1.76 – 2.50 (2) Hindi sumasang-ayon (Mababa), 2.51 – 3.25 (3) Sumasang-ayon (Mataas), 3.26 – 4.00 (4) Lubos na sumasang-ayon (Napakataas)

Lubos na sumasang-ayon ang mga guro na napabuti ng Programang PAGKABASA ang bilis, kasanayan, pag-unawa, bokabularyo, at kumpiyansa sa pagbasa ng mga mag-aaral, na may mataas na antas ng pagsang-ayon.

TALAHANAYAN 4.2

PAGPAPABUTI NG KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL

Pahayag	Mean	SD	Verbal Interpretation
Mahalaga ang programang PAGKABASA dahil nakatutulong ito sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Ang mga mag-aaral ay nakikinabang mula sa mga teknikal at pedagogikal na aspeto ng PAGKABASA.	3.25	0.50	Sumasang-ayon
Ang PAGKABASA ay nagbibigay ng mga estratehiya na nagpo-promote ng mas aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto.	3.25	0.50	Sumasang-ayon
Ang programang PAGKABASA ay isang epektibong pamamaraan na nakakatulong sa pag-enhance ng mga kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Ang programang PAGKABASA ay nagbibigay ng tamang suporta upang mapabuti ang kahusayan ng mag-aaral sa pagbasa ng mga mahihirap na teksto.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Composite Mean	3.40	0.55	Napakataas

1.00 – 1.75 (1) Lubos na hindi sumasang-ayon (Napakababa), 1.76 – 2.50 (2) Hindi sumasang-ayon (Mababa), 2.51 – 3.25 (3) Sumasang-ayon (Mataas), 3.26 – 4.00 (4) Lubos na sumasang-ayon (Napakataas)

Ipinakita na nakatulong ang Programang PAGKABASA sa pagtaas ng partisipasyon, kasanayan, at kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagbasa at talakayan.

TALAHANAYAN 4.3 KONTEKSTO NG BAGONG NORMAL NA PAG-AARAL

Pahayag	Mean	SD	Verbal Interpretation
Ang programang PAGKABASA ay nakakatulong sa mga mag-aaral na mapanatili ang kanilang kasanayan sa pagbasa sa gitna ng mga hamon ng bagong normal.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Sa tulong ng PAGKABASA, ang mga mag-aaral ay naging mas komportable at masaya sa paggamit ng teknolohiya para sa pagkatuto.	3.50	0.58	Sumasang-ayon
Ang mga estratehiya sa PAGKABASA ay nakatulong sa mga mag-aaral na maging mas independent at self-directed sa kanilang pagkatuto sa Filipino.	3.50	0.58	Sumasang-ayon
Ang mga mag-aaral ay nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga akdang pampanitikan sa Filipino, na tumutulong sa kanilang personal na pag-unlad.	3.25	0.50	Lubos na sumasang-ayon
Ang programang PAGKABASA ay nakatulong sa pagpapalawak ng mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa panahon ng online o blended learning.	3.50	0.58	Lubos na sumasang-ayon
Composite Mean	3.45	0.56	Napakataas

1.00 – 1.75 (1) Lubos na hindi sumasang-ayon (Napakababa), 1.76 – 2.50 (2) Hindi sumasang-ayon (Mababa), 2.51 – 3.25 (3) Sumasang-ayon (Mataas), 3.26 – 4.00 (4) Lubos na sumasang-ayon (Napakataas)

Epektibo ang Programang PAGKABASA dahil mas mataas ang pag-unlad ng experimental group (32.84) kaysa sa control (26.35), at ang t-test na resulta ang nagpatunay na mas malaki ang epekto nito kumpara sa karaniwang pagtuturo.

IV. PAGLALAHAT /CONCLUSION

Napatunayan sa pag-aaral na epektibo ang Programang PAGKABASA sa pagpapahusay ng kasanayan, pag-unawa, at interes sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Baitang 4. Mas mataas ang naging pag-unlad ng pangkat na gumamit ng programa, kaya inirerekomenda ang patuloy at mas malawak na paggamit nito sa mga paaralan.

SANGGUNIAN / REFERENCES

- [1.] Abaigar, B. R., Galit, G. C., & Balderian, A. L. (2024). Eksploratoring pagsusuri sa kakayahan at salik na nakaaapekto sa komprehensiyon sa pagbasa sa Filipino. *Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research*, 2(6). <https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681>
- [2.] Alghonaim, Ali. (2020). Impact of Related Activities on Reading Comprehension of EFL Students. *English Language Teaching*. 13. 15. 10.5539/elt.v13n4p15
- [3.] Almirol, C. R., & Catoto, J. (2022). 'Let us read amidst the pandemic campaign': Improving reading comprehension among Grade Five pupils. *American Journal of Arts and Human Science*. <https://ssrn.com/abstract=4173774>
- [4.] Alyousef, H. S. (2018). Teaching Reading Comprehension to ESL/EFL Learners. Albaya Intermediate School, Riyadh, Saudi Arabia.
- [5.] Amira, F. (2018). The Implementation of RCRR (Read, Cover, Remember, Retell) Strategy to Improve Students Achievement in Reading Comprehension. *Repository Universitas Muhammadiyah Sumatera Utara*.
- [6.] Andal, L. P. (2016). Mga Pamamaraan ng Guro at ang Kasanayan sa Pagbasa, Pagsulat ng Buod ng Maikling Kwento at Pagpapahalaga sa Asignaturang Filipino ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Grado. (2016).
- [7.] Bai, H., Pan, W., Hirumi, A., & Kebritchi, M. (2020). Assessing critical thinking and creative thinking in the context of game-based learning: A case for stealth assessment. *Educational Technology Research and Development*, 68(2), 877-900.
- [8.] Ballesteros, Labayna B. (2018). Programang Panlunas sa Pagbabasa: Anta's ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikaapat na Baitang. (2018).
- [9.] Bernales, R. A. (2001). Kritikal na Pagbasa at Lohikal na Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. *Malabon City, Philippines: Mutya Publishing House*.
- [10.] Casing, P. I. (2021). Improving mathematics performance among grade 11 students through jigsaw technique.

-
- [11.] Claessen, M., Tucker, M., Dawes, E., & Leitão, S. (2020). The information score as a measure of oral discourse comprehension in the early school years. *International Journal of Speech-Language Pathology*, 22(3), 338–346.
<https://doi.org/10.1080/17549507.2020.1745888>
- [12.] David L. (2016, September 8) Constructivism. Retrieved June 3, 2019, From <https://www.learning-theories.com/constructivism.html>.
- [13.] Delua C, Bernal D, Padillo J, & Lim R. (2022) IMPROVING THE READING COMPREHENSION OF GRADE 8 LEARNERS USING 4RS (READ, RETELL, REACT, REFLECT) STRATEGY). *International Journal of Humanities, Art and Social Studies*.
- [14.] <https://airccse.com/ijhas/papers/7222ijhas05.pdf>.
- [15.] Edu, L. (2023, March 28). Importance of Reading Skills & Benefits | Leverage Edu. Leverage Edu. <https://leverageedu.com/blog/importance-of-reading/>.
- [16.] Galang, M. L. D., Aquino, Z. C., Enriquez, A. B., & del Rosario, J. S. (2025). *Enhancing reading fluency: Repeated reading of researcher-made localized materials*. *Southeast Asian Journal of Agriculture and Allied Sciences*, 4(1), 56–68.
<https://doi.org/10.63943/sajaas.vol4iss1art36pp56-68>
- [17.] Gloria, A. (2016). INTEGRATING MOBILE LEARNING INTO BASIC EDUCATION SYSTEM: THE VIEWS OF EDUCATIONAL POLICY MAKERS. *African Journal of Educational Management*, 17(1), 55-74.
- [18.] Helardez, C. M. (2021). Reading Comprehension Level and Vocabulary Skills of Grade II Pupils and Their Academic Performance in English of St. Paul University Philippines.
- [19.] Holgado, N. M (2016). Pagsusuri sa Kaangkupan at Kabisaan ng Komiks Bilang Kagamitang Panturo: Batayan ng Mungkahing Banghay Aralin sa Filipino 7. (2016).
- [20.] Hosenia E. Quintino¹, Baby S. Abagon². (2021). LEBEL NG KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG- AARAL SA IKAWALONG BAITANG NG PAMBANSANG MATAAS NA PAARALAN NG SUBIC
-

-
- [21.] https://www.researchgate.net/profile/Dhan-Oliver-Cabantog/publication/370263104_An_Appreciative_Inquiry_AI_of_the_Remote_Reading_Project_of_Malitlit_Elementary_School_MalES/links/644895af8ac1946c7a4dbc8/An-Appreciative-Inquiry-AI-of-the-Remote-Reading-Project-of-Malitlit-Elementary-School-MalES.pdf.
- https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2012/06/DO_s2012_50.pdf
- [22.] https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/11/DM_s2019_173-1.pdf
- [23.] Huitt, W. (2011). Bloom et al.'s taxonomy of the cognitive domain. Educational Psychology Interactive. Valdosta, GA: Valdosta State University. Retrieved June 3, 2019 from <http://www.edpsycinteractive.org/topics/cognition/bloom.html>. (2011).
<https://www.deped.gov.ph/2019/11/28/bawat-bata-bumabasa-a-priority-in-depeds-quest-for-quality-education/>
- [24.] Irinco, Marco N. (2014). Pagsasalin sa Filipino ng Aklat Sanggunian Teaching and the Teacher ni “Dr. Salandan sa Parang Morposemantiko”. (2014).
- [25.] Jeon, E. H., & Hmelo-Silver, C. E. (2016). Seven Affordances of Computer-supported Collaborative Learning: How to Support Collaborative Learning? How Can Technologies Help? Educational Psychologist, 51(2), 247-265.
- [26.] Joaquin, M. J. E. *Pagsusuri sa impluwensya ng gamification sa komprehensyon at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa Filipino*
- [27.] Kasmawati, K., & Sakkir, G. (2020b). IMPROVING STUDENTS READING COMPREHENSION THROUGH “SURVEY, QUESTION, READING, RECITE, REVIEW (SQ3R)” STRATEGY. Interference Journal Of Language Literature and Linguistics, 1(2), 92. <https://doi.org/10.26858/Interference.V1i2.14695>
- [28.] Kebritchi, M. (2021). Faculty Motivation Study: Building an Understanding of What Keeps Us Going. *Phoenix Scholar*, 16.
-

-
- [29.] Kennedy, M. J., Deshler, D. D., & Lloyd, J. W. (2017). Addressing the Instructional Needs of Adolescents with Reading Problems: A Focus on Secondary-level Learners. New York, NY: Routledge. (2017).
- [30.] Learning Gap Assessment in Filipino Sa Piling Larangan (Tech-Voc). (2024). Learning Gap Assessment in Filipino Sa Piling Larangan (Tech-Voc).
- [31.] Liu, H., & Lin, C. (2019). The effects of a digital reading environment with video support on EFL learners' reading comprehension and vocabulary knowledge development. *British Journal of Educational Technology*, 50(5), 2641-2657. (2019).
- [32.] McLeod, S. A. (2019). What Is the Zone of Proximal Development? Retrieved November 25, 2023, <https://www.simplypsychology.org/Zone-of-Proximal-Development.html>. (n.d.).
- [33.] Miller, D. (2011). Reading-writing connections in the K-12 classroom (2nd ed.). Boston, MA: Pearson. (2nd ed). (n.d.).
- [34.] Montemayor, M. T. (2020, December 31). *Education goes on amid Covid-19 thru DepEd's continuity plan*. Philippine News Agency. <https://www.pna.gov.ph/articles/1126058>
- [35.] Mou, J., Cohen, J. F., Bhattacharjee, A., & Kim, J. (2022). A test of protection motivation theory in the information security literature: A meta-analytic structural equation modeling approach. *Journal of the Association for Information Systems*, 23(1), 196-236.
- [36.] OECD (2019), PISA 2018 Assessment and Analytical Framework, PISA, OECD Publishing, Paris, <https://doi.org/10.1787/b25efab8-en>.
- [37.] Pacol, J.M. (2023). E-BAKADA: Interaktibong kagamitan sa pagtuturo ng Filipino bilang ikalawang wika ng mga banyagang estudyante. *The Normal Lights*, 17(2) 167195 <https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/view/2164/588>. (2023).
- [38.] Rafael, S. D., & Tamban, V. E. (2022). Effectiveness of localized English reading materials in enhancing the reading skills of the grade two pupils. *Journal of English as A Foreign Language Teaching and Research*, 2(2), 67-77.
-

-
- [39.] Reutzel, D. R., & Cooter, R. B. (2018). *Strategies for Reading Assessment and Instruction: Helping Every Child Succeed*, Fourth Edition. Boston, MA: Allyn and Bacon. ISBN 978-0-13-704838-0.
- [40.] Serato, J. V. D., & Sta. Romana, C. L. (2024, April). Development and utilization of AI-enabled automatic programming problem generator using the CodeRunner plugin of Moodle. In *Proceedings of the 2024 10th International Conference on Education and Training Technologies* (pp. 147–152).
- [41.] Sezer, B., & Cakir, R. (2019). The use of video annotations to support EFL reading comprehension. *Journal of Language and Linguistic Studies*, 15(4), 1451-1466.
- [42.] Singhal, S., Shah, R. R., & Kumaraguru, P. (2021). Factorization of fact-checks for low resource indian languages. *arXiv preprint arXiv:2102.11276*.
- [43.] Smith, K., Maynard, N., Berry, A., Stephenson, T., Spiteri, T., Corrigan, D., Mansfield, J., Ellerton, P., & Smith, T. (2022). Principles of problem-based learning (PBL) in STEM education: Using expert wisdom and research to frame educational practice. *Education Sciences*, 12(10), 728. <https://doi.org/10.3390/educsci12100728>
- [44.] Sucena, A., Silva, A. F., & Marques, C. (2022). Reading skills intervention during the Covid-19 pandemic. *Humanities and Social Sciences Communications*, 9(1), 45. <https://doi.org/10.1057/s41599-022-01059-x>
- [45.] Tiktok: Gamit Sa Makrong Kasanayan Ng Pagsasalita Ng Mga Mag-aaral Mc Kinley P. Agta¹; Glynes D. Aliba²; Aldrine Y. Beniyat³; Mercy Grace B. Dagman⁴; Marlet V. Malanom⁵; Clarence E. Mamuyac, Jr.⁶; Suzette B. Siador⁷; Aileen L. Sipi-an⁸; Maria Lourdes G. Eguia⁹ Graduate School, Baguio Central University, Baguio City, 2600, Cordillera Administrative Region, Philippines
- [46.] Tomas, M. J. T., Villaros, E. T., & Galman, S. M. A. (2021). *The Perceived Challenges in Reading of Learners: Basis for School Reading Programs*. Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City, Philippines. (n.d.). mckinley.agta@gmail.com DOI: 10.47760/cognizance. 2024.v04i05.026.
-

-
- [47.] Topping, K. J., & Thurston, A. (2016). Meta-analysis of the effects of digital technology on student learning. *Educational Psychology Review*, 28(1), 93
- [48.] Yap, D. F. F. (2018). *The utility of dynamic assessment of phonological awareness for bilingual children in Singapore* (Doctoral dissertation, University of California, Berkeley). University of California, Berkeley.